# KAPASIYAHAN BLG. 2021-19

**"NAGPAPALAWIG (*EXTENSION*) SA PAGBABAYAD NG MAYOR'S BUSINESS PERMIT PARA SA TAONG 2021 HANGGANG IKA-31 NG ENERO 2021 NA WALANG KAUKULANG MULTA."**

---

*Pinagtibay sa mungkahi ni:*
**Igg. Toni Flor H. De Guzman**
Tagapangulo
Lupon sa Kalakalan at Hanapbuhay

---

**SAPAGKA'T**, ang takdang araw sa pagbabayad ng business permit ay nagtatapos tuwing ika-20 ng Enero ng bawat taon;

**SAPAGKA'T**, marami pang mga mamamayan ang hindi pa nakakapagbayad ng kaukulang halaga ay marapat na bigyang luwag;

**SAPAGKA'T**, isinasaad din sa Article III, Section 21 ng Ordinance No. 2014-04 – "Municipal Revenue and Investment Incentives Code of Bustos, Bulacan" na:

*"Section 21. Accrual and Time of Payment. – Unless specifically provide in this Code, the taxes imposed herein shall accrue on the first day of January each year. The tax shall be paid once within the first twenty (20) days of January unless the Sangguniang Bayan may, for a justifiable reason or cause, extend the time for payment of such taxes with surcharges or penalties , but only for a period of not more than one (1) calendar month."*

**KUNG KAYA'T,** sa mungkahi ni **IGG. TONI FLOR H. DE GUZMAN** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.

**IPINASIYA, gaya ng dito ay IPINASISIYA**, na palawigin ang pagbabayad ng Mayor's Business Permit para sa taong 2021 hanggang ika-31 ng Enero 2021 na walang kaukulang multa.

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-19 ng Enero taong Dalawang Libo at Dalawampu't Isa sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.

| | |
|---|---|
| **Juliet DJ. Dela Cruz**<br>Kasangguni | **Jonalyn S. Ortega-Santos**<br>Kasangguni |
| **Toni Flor H. De Guzman**<br>Kasangguni | **Rosette G. Pangilinan**<br>Kasangguni |
| **John Erick L. Perez**<br>Kasangguni | **Aljhaneal E. Quiñones**<br>Kasangguni |
| **Melvin H. Melencio**<br>Kasangguni | **Gemar Aldrich M. Cruz**<br>Kasangguni |
| **Martin SJ. Angeles**<br>ABC President | **Angelica DL. Tadeo**<br>SK President |

**Arnel F. Mendoza**
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

---

Pinatutunayan ko ang Kawastuhan at Katotohanan na ang nakatitik sa itaas nito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-19 ng Enero taong Dalawang Libo at Dalawampu't Isa.

**ATTY. GERARDO S. BRIASA**
Kalihim